H
E
K
A
S
I

6

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)

**Distance Education for Elementary Schools**

**SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS**



# PAGPAPAHALAGA NG PILIPINO: TULONG BA O HADLANG SA PAG- HADLANG SA PAG-UNLAD NG BANSA


**Department of Education**
**BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION**
**2nd Floor Bonifacio Building**
**DepEd Complex, Meralco Avenue**
**Pasig City**

**Revised 2010**
by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS),
DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education
in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

*Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:*

***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.

This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (http://lrmds.deped.gov.ph/) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.

**GRADE VI**

# PAGPAPAHALAGA NG PILIPINO: TULONG BA O HADLANG SA PAG-UNLAD NG BANSA

## ALAMIN MO

Bakasyon na. Ang mag-anak ni Gigie ay masayang nagtungo sa kanilang lola na nasa lalawigan. Si Gigie ang paboritong apo ng kaniyang lola kaya:



Nagpatuloy sila sa Terasa. Nabanggit niya sa sarili ang ganito:




1. Ano ang nangyari sa pangarap ni lolo?
2. Anu-anong mga katangian ang taglay ni lolo?
3. Ano ang naging epekto nito sa kabuhayan nila?
4. Ano naman ang naging epekto nito kay Gigie?
5. Ano kaya ang kaugnayan nito sa kabuhayan ng pamayanan at bansa?

Sa araling ito, malalaman mo na may mga pagpapahalaga na nakatutulong at nakakahadlang sa pag-unlad ng tao at ng buong bansa. Anu-ano ang mga pagpapahalagang nakatutulong sa pag-unlad ng kabuhayan ng bansa? Anu-ano ang mga pagpapahalaga na kailangan nang baguhin? Ilan lamang ang mga tanong na ito na sasagutin sa pag-aaral ng araling ito.

## PAGBALIK-ARALAN MO

Bago mo simulan ang bagong aralin, magbalik-aral ka muna.

Suriin mong mabuti ang bawat pangungusap. Tukuyin mo kung ang pangungusap sa bawat titik ay:

Paniniwala o Pagpapahalaga

a) Naghahanda ng bilog na prutas o pagkain sa hapag-kainan kung "Media Noche" upang maging masagana sa buong taon.

b) Naglalagay ng buhay na sisiw sa ibabaw ng kabaong ng taong pinatay upang hindi mapalagay ang pumatay at siya'y susuko.

c) Tinanggihan ang magandang alok na trabaho sa ibang bansa huwag lamang mapahiwalay sa pamilya.

d) Ibinili ng lupa sa subdibisyon ang perang napanalunan kaysa itabi sa bangko.

e) Pinaiikot muna ang kinainang pinggan bago umalis upang malayo sa panganib sa paglalakbay.

f) Ipinagbili ni Mang Nardo ang kalabaw upang maibayad sa matrikula ng anak.

g) Anumang bagay na hindi kanya ay isinauli ni Rita.

h) Pagpepenitensiya tuwing Mahal na Araw upang mabawasan ang kasalanan.

i) Sinisikap ni Lena na maging malinis at maayos sa kanyang gawain.

## PAG-ARALAN MO

Basahin mo.

Si Avelino ay anak mahirap. Siya ay nagtitinda ng diyaryo sa araw at nag-aaral sa gabi. Nagkaroon siya ng dalawang anak.

Sa pagdaraan ng mga araw, dumarami ang bumibili sa kanya ng diyaryo. Nakabili siya ng sariling sasakyan upang irasyon ang mga diyaryo sa kanyang mga suki. Nakapagtayo siya ng malaking bahay at nakapag-aral ang mga anak. Dahil sa kanyang sipag at tiyaga, umunlad rin ang kanilang kabuhayan at nakatapos pa rin siya ng abogasya. Kilalang-kilala at iginagalang siya ng kababayan.

Sa kasalukuyan, siya ang gobernador ng kanilang lalawigan.

Sagutin ang sumusunod na tanong.

a) Anong katangian mayroon si Avelino?
b) Paano ipinakita ni Avelino ang sipag at tiyaga?
c) Ano ang naging epekto nito sa kanilang buhay?
d) Kung hindi niya minahal ang kanyang trabaho, ano kaya ang naging buhay nila ngayon?
e) Bakit mahalaga ang pagkakaroon ng sipag at tiyaga sa trabaho?
f) Anong pagpapahalaga ang ipinakikita ni Avelino?
g) Gagawin mo rin ba ito? Paano?
h) Ano kaya ang magiging epekto ng pagpapahalagang ito sa pamayanan? Sa kabuhayan ng bansa?

Sagutin ang mga tanong at hanguin ang pagpapahalagang inilahad sa kuwento.

> Ulilang lubos si Dennis. Binigyan siya ng pera ng kanyang kamag-aral upang gamiting puhunan. Binalak na gamitin ni Dennis sa pagtitinda ng diyaryo ang puhunan ngunit nag-atubili siya. Nag-aalala siya na baka hindi maubos ang diyaryo. Nagtanung-tanong siya sa mga kapitbahay, kakilala at kaibigan kung sino ang gustong magparasyon ng diyaryo.Sa bandang huli nagpasya na rin siya na magtinda. Bahala na, ang sabi niya sa sarili.

Sagutin ang mga tanong ukol sa kuwento.

a) Ano ang binalak ni Dennis?
b) Bakit siya nag-aalala?
c) Ano ang kanyang naging pasya?
d) Anong katangian ang pinahalagahan niya?
e) Ano ang naging epekto nito sa kanyang buhay?
f) Kung hindi niya itinuloy ang pagtitinda, ano kaya ang mangyayari?
g) Ito ba'y nakatulong o nakahadlang sa kabuhayan niya? Sa pamayanan? Sa bansa? Pangatwiranan.
h) Anong pagpapahalaga ang inilarawan dito?
i) Kung ang lahat ng tao ay katulad ni Dennis, ano ang mangyayari sa bansa?
j) Kung ang iba ay hindi katulad ni Dennis, ano naman kaya ang mangyayari sa bansa?

Batay sa mga pinag-aralang sitwasyon anong mga pagpapahalaga ang ipinamalas ng mga taong nabanggit?

Alin sa mga pagpapahalagang ito ang sa palagay mo ay makatutulong sa pag-unlad ng kabuhayan ng mga taong nabanggit? Bakit?

## PAGSANAYAN MO

A. Basahin ang mga sitwasyon. Sagutin ang mga tanong tungkol dito.

Ano ang pagpapahalaga sa bawat sitwasyon?

1. Mataas na ang sahod ng dalawang anak ni Jose at Mira. Balak pa ng opisina nila na ipadala sila sa ibang bansa upang magpakadalubhasa at itataas pa ang sahod dahil sa kanilang kasipagan at tamang saloobin sa trabaho.
    - Bakit ipadadala sa ibang bansa ang dalawang anak ni Jose at Mira?
    - Ano ang dahilan at sila ang ipinadala sa ibang bansa?
    - Anong katangian ang taglay ng magkapatid?

2. Maraming tahiin si Aling Vicky araw-araw. Kahit na mahal siyang sumingil sa kanya pa rin nagpapatahi ang marami. Hindi siya nauubusan ng telang tahiin. Palaging malinis at maayos ang kanyang mga tahi at maunawain sa mga parukyano.
    - Bakit hindi siya nauubusan ng parukyano?
    - Paano niya pinahahalagahan ang kanyang gawain?

3. Sa kagustuhan nina G. at Gng. San Pedro na mapag-aral ang kanilang mga anak, ginagawa nila ang lahat. Nagtatrabaho sila sa araw at gabi kaya naging maganda ang pamumuhay ng kanilang mga anak.
    - Ano ang pinahalagahan nina G. at Gng. San Pedro?
    - Bakit mahalaga ang pag-aaral?
    - Paano nila pinahahahalagahan ito?

4. Si Gng. Montes ay isang punung-guro na kinaiinisan ng ilang mga guro. Nais niyang pumasok nang maaga, magturo nang maayos ang kanyang mga guro at pagandahin ang silid-aralan.
    - Bakit kinaiinisan si Gng. Montes ng kanyang mga guro?
    - Paano pinahahahalagahan ni Gng. Montes ang kanyang gawain?

5. Binalak ni Annie na magbitiw na sa trabaho dahil nahihirapan siya. Dahil sa mahirap humanap ng trabaho, nagtiis pa rin siya at nag-aaral pa sa gabi sa kolehiyo.
    - Bakit magbibitiw sana si Annie?
    - Paano niya pinahahahalagahan ang kanyang trabaho?

## TANDAAN MO

- Nagnanais ang ating lipunan, sa pamamagitan ng edukasyon na magkaroon ng mabuting pag-uugali at mga bagong saloobin sa pagpapahalaga ang mga mamamayan para sa napakabilis na nagbabagong daigdig.

- Kailangan ang pagbabago sa mga tradisyunal na pagpapahalaga upang ang bawat mamamayan ay maging makabuluhan. Sa ganito, makatutulong sila sa pag-unlad ng bayan.

## ISAPUSO MO

Sagutan mo nang naayon sa iyong pagpapahalaga ang isinasaad sa bawat bilang. Isulat mo ang iyong sagot sa kuwadernong sagutan.

1. Kung ikaw si Leonardo Advincula, isasauli mo ba ang perang naiwan sa iyong taxi? Bakit?

2. Paano mo pauunlarin ang negosyo mong diyaryo upang makatulong sa iyong kabuhayan?

## GAWIN MO

Sumulat ng isang maikling talata na tatalakay sa pagpapahalaga ng mga Pilipino. Ipaliwanag kung paano ito nakatutulong o nakahahadlang sa pag-unlad ng bansa.



## PAGTATAYA

A. Basahin mo ang maikling sitwasyon sa bawat bilang ang titik ng tamang sagot.

1. Gustong-gusto ni Gina ang makatapos ng pag-aaral subalit hindi siya kayang pag-aralin ng kanyang magulang. Ano ang dapat gawin ni Gina?
   a) magtrabaho habang nag-aaral
   b) maghintay na mapag-aral ng magulang
   c) ipagbili ang mga kasangkapan sa bahay
   d) magpaampon sa isang mayamang kamag-anak

2. Bilang isang negosyante, alam mong marami kang kalaban sa negosyo. Paano mo maipakikita ang pagtitiwala sa sarili na kaya mong itaguyod ang iyong negosyo?
   a) magsara ng iyong negosyo
   b) magbigay ng mabuting serbisyo
   c) makipagtalo sa mga kalabang negosyante
   d) mangutang palagi ng puhunan

3. Si G. Noli dela Cruz ay tumanggap ng malaking pensyon sa kanyang pagreretiro. Bumili siya ng lupa, nagpatayo ng bahay at pinalitan ang mga lumang kasangkapan. Anong pinahahalagahan niya?
   a) pagpapahalaga sa pagmamay-ari
   b) pagpapahalga sa salapi
   c) pagpapahalaga sa kapangyarihan
   d) pagpapahalaga sa kasangkapan

4. Hindi lamang ang mga kawani ng pamahalaan ang dapat maglingkod ng matapat sa bayan. Ikaw ay maaari ring maglingkod. Paano?
   a) kusang-loob na makikilahok sa mga programa ng pamahalaan
   b) sumama sa barkada sa paggamit ng bawal na gamot
   c) magsundalo lalo't sa oras ng digmaan
   d) maglagi sa mga pook pasyalan


5. Marami sa mga Pilipino ang nagpapahalaga sa edukasyon. Paano nila ito ipinakikita?
   a) hindi tinatapos ang pag-aaral
   b) bumili ng diploma upang i-display
   c) hindi gaanong malikhain sa pag-aaral
   d) nagtatrabaho habang nag-aaral



PAGPAPAYAMANG GAWAIN

- Mangolekta ng 5 salawikain o kasabihang Pilipino. Tukuyin kung anong pagpapahalaga ang ipinahihiwatig ng bawat nakalap na salawikain.

- Magsasaliksik ng ibang kuwento tungkol sa buhay ng isang matagumpay na tao sa inyong pamayanan.



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.